
5

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Araling Panlipunan

## Unang Markahan – Modyul 8:
## Sinaunang Kabihasnang Asyano: Ang Pagkabuo ng Lipunan at Pagkakakilanlang Pilipino



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan – Ikalimang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 8: Sinaunang Kabihasnang Asyano: Ang Pagkabuo ng Lipunan at Pagkakakilanlang Pilipino**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Walang karapatang-sipi ang maaaring manatili sa anumang gawain o akda ng Pamahalaan ng Pilipinas . Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Rosalio Garcia
**Editor:** Asuncion S. Barola, Aiene M. Molina, Ramil P. Bingco, at Rosemarie M. Guino
**Tagasuri:** Wilbert M. Peligro, Eloisa R. Zartiga, Arlene Jabonete, Catherine Dagami, at Rosemarie M. Guino
**Tagaguhit:** Rosalio R. Garcia
**Tagalapat:** Richie C. Blasabas
**Tagapamahala:**
Ramir B. Uytico
Arnulfo M. Balane
Rosemarie M. Guino
Joy B. Bihag
Ryan R. Tiu
Nova P. Jorge
Genis S. Murallos
Francis Angelo S. Gelera
Rosemary S. Achacoso
Mario R. Orais
Roel C. Tugas
Regel C. Mullet

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region VIII**

Office Address: Government Center, Candahug, Palo, Leyte
Telefax: 053 – 323-3156
E-mail Address: region8@deped.gov.ph

5

# Araling Panlipunan

## Unang Markahan – Modyul 8:
## Sinaunang Kabihasnang Asyano: Ang Pagkabuo ng Lipunan at Pagkakakilanlang Pilipino

# Paunang Salita

Para sa Tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang **Araling Panlipunan–Ikalimang Baitang** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling **Sinaunang Kabihasnang Asyano: Ang Pagkabuo ng Lipunan at Pagkakakilanlang Pilipino**.

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahang higit mo pang hihikayatin at gagabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa Mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa **Araling Panlipunan–Ikalimang Baitang** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa **Sinaunang Kabihasnang Asyano: Ang Pagkabuo ng Lipunan at Pagkakakilanlang Pilipino**.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutunan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang iyong mga sagot sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga aytem na susubok at gagabay sa iyong pag-aaral. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| ***Tayahin*** | Ito ay gawaing naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |

***Karagdagang Gawain***

Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagon gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman kasanayan sa natutuhang aralin.

***Susi sa Pagwawasto***

Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul.

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

***Sanggunian***

Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito.

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Isauli ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling mahirapan ka sa pagtugon sa mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang magtanong sa iyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka ring humingi ng tulong kay nanay, tatay, sa nakatatanda mong kapatid o sino mang kasama sa bahay na maaaring makatulong sa iyo. Laging tatandaang hindi ka nag-iisa.

Inaasahang sa pamamagitan ng modyul na ito ay mauunawaan at matututunan mo and araling ito Kaya mo ito!

## *Alamin*

Ang modyul na ito ay ginawa para sa iyo. Mahalaga itong pag-aralan upang malaman mo ang ibat-ibang kontribusyon ng mga sinaunang kabihasnan sa pagbuo ng ating lipunan at pagkakilanlang Pilipino.

Bago pa dumating sa bansa ang mga mananakop, ang mga Pilipino ay may sarili ng kultura, paniniwala, at mga gawaing nagpapakita at nagpapakilala sa kanilang pagka Pilipino. Sagana sa iba't ibang kaugalian ang mga ninuno natin na maaaring ilan sa mga ito ay ginagawa pa natin hanggang ngayon. Iba't ibang uri ng kasuotan ng mga lalaki at babae, iba't ibang paniniwala tungkol sa Manlilikha at sa iba pang mga espirituwal na mga bagay na nasa kapaligiran.

Pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang:
Makapagpapahalaga sa mga kontribusyon ng sinaunang kabihasnang Asyano sa pagkabuo ng lipunan at pagkakakilanlang Pilipino.

## *Subukin*

**Panuto:** Kumuha ng isang pirasong papel at sagutin ang mga tanong. Isulat ang titik ng tamang sagot.

1. Ang mga sinaunang Pilipino ay sagana sa ibat-ibang _____.

   A. espirito
   B. kaugalian
   C. sulat
   D. wika

2. Bago pa man dumating ang mga Espanyol sa Pilipinas ay taglay na ng mga sinaunang Pilipino ang _________ na maipagmamalaki natin ngayon.

   A. Katapangan
   B. Paraan ng pagsulat
   C. Awit at sayaw
   D. Kultura

3. Ano ang tawag sa sistema ng pagsulat ng mga sinaunang Pilipino?

   A. Abakada
   B. Alibata
   C. Baybayin
   D. Latin

4. Ilan sa paniniwala ng mga Pilipino ngayon ay ang pag-alala at pagbibigay halaga sa mga yumaong pamilya, ito ay isa sa mga _______ ng ating mga ninuno o sinaunang kabihasnan sa ating lipunan.

   A. Ala-ala
   B. Kaalaman
   C. Kontribusyon
   D. Simbolo

5. Alin sa mga sumusunod ang maituturing na pinakamahalagang kontribusyon ng ating mga ninuno sa ating lipunan ngayon?

   A. Uri ng pananamit
   B. Sistema ng pagsulat
   C. Paraan ng makikipagdigma
   D. Malalim na pagtitiwala sa Manlilikha

6. Ito ay katawagan ng isang tao na naniniwala sa relihiyong Islam.

   A. Kristiyano
   B. Muslim
   C. Budista
   D. Hudyo

7. May kaalaman na ang mga sinaunang Pilipino sa paggamit ng mga instrument at sa paglikha ng musika. Sila ay may sariling ____________.
   A. Awit at Sayaw
   B. Pasalita at Pasulat
   C. Panitikan at Sining
   D. Paniniwala

8. Ano ang magandang naidulot ng mga ibat-ibang sining at panitikan sa ating mga ninuno?

   A. Naipahayag ang kanilang damdamin, paniniwala, at mga karanasan ng ating mga ninuno.
   B. Naisalin nila sa mga sumunod na henerasyon ang mayaman nilang kultura
   C. Naging makulay at kaaya-aya ang pamumuhay ng ating mga ninuno
   D. Lahat ng nabanggit

9. Paano isinalin ng mga sinaunang Pilipino ang kanilang kultura sa mga sumunod na henerasyon?

   A. Sa pamamagitan ng musika, awit, sayaw, at panitikan
   B. Sa pamamagitan ng pagkakasundo ng mga ibat-ibang barangay
   C. Sa pamamagitan ng patuloy na paniniwala sa mga anito
   D. Lahat ng nabanggit


10. Bago pa dumating sa bansa ang mga mananakop, ang mga sinaunang Pilipino ay may sariling kultura, paniniwala, wika at pagsulat.

   A. Tama
   B. Mali
   C. Hindi ako sigurado
   D. Hindi ako naniniwala

| Aralin 1 | Sinaunang Kabihasnang Asyano: Ang Pagkabuo ng Lipunan at Pagkakakilanlang Pilipino |
|---|---|

## *Balikan*

**Panuto:** Sagutin ng **K** kung ang mga sumusunod ay kontribusyon ng ating mga ninuno o ng sinaunang kabihasnan, **HK** kung hindi kontribusyon. Isulat ang iyong sagot sa kuwaderno.



1. Baybayin
2. Pagiging magalang sa mga magulang
3. Pagiging mananakop
4. Paniniwala sa mga espiritu
5. Pagiging isang Katoliko

## *Tuklasin*

**Panuto:** Kumuha ng isang pirasong papel at isulat ang paraan sa paglibing ng patay ng mga sinaunang Pilipino.

_______________________________________________________________________

_______________________________________________________________________

_______________________________________________________________________

## Suriin

Ang **kabihasnan o sibilisasyon** ay isang yugto ng ating kasaysayan kung saan ang mga tao ay may mataas na kaalaman sa mga bagay-bagay katulad ng agham at matematika. Isang sukatan ng isang mayaman o mataas na kabihasnan o sibilisasyon ay ang impluwensyang naipamana nito na humubog ng kasaysayan at ang bunga nito sa kasalukuyan at sa susunod pang henerasyon.

Malaki ang naging kontribusyon ng sinaunang kabihasnang Asyano sa pagkakabuo ng lipunan at pagkakakilanlang Pilipino. Isang patunay sa mga kontribusyong ito ay ang paniniwala nila sa ibat ibang Diyos Naniniwala din sila na may mga espiritu sa kalikasan na tinatawag nila ang paniniwalang ito na animism.

Mataas ang pagpapahalaga ng mga ninuno sa yumao, ito ay kanilang nililinis, dinadamitan ng espesyal na damit at pinababaunan ng mahahalagang gamit sa loob ng kabaong, at hinuhukay na muli, kinukuha ang tuyong mga buto at inilalagay sa espesyal na banga.

Ang Relihiyong Islam naman ay nagsimulang lumaganap sa bansa nang nakipagkalakalan ang mga sinaunang Pilipino sa mga Arabo. Mula sa Qu'ran, ang banal na aklat ng Islam ang kanilang mga batas. Muslim ang tawag sa mga taong kaanib sa Relihiyong Islam. Ang mga Muslim ay maaaring Makita natin sa ibat ibang bahagi ng bansa bagamat ang karamihan sa kanila ay nakatira sa Mindanao.s

Nagkaroon ng ambag ang mga sinaunang Pilipino sa larangan ng pagsulat. Ginamit nila ang Baybayin bilang alpabeto ng mga sinaunang Pilipino. Binubuo ito ng 17 titik na may tatlong patinig at 14 na katinig.

Mayaman sa musika ang mga sinaunang Pilipino. Gumamit ang mga Pilipino sa Cordillera ng instrument gangsa, sa mga taga Bontok naman ay kalelang, at sa mga Tagalog tambuli. Ang dallot naman ay isang kilalang awit na inaawit tuwing naghaharana ang mga Ilokano. Ang sayaw na Tinikling, Pagdiwata ng Palawan, Salisid ng Kalinga at Bangibang ng Ifugao ay nagpapakilala din sa atin bilang Pilipino.

Sa panitikang Pilipino ay kilala ang Darangan ng mga Maranao at Ibalon ng mga Bicolano.Mayaman din sa larangan ng sining ang ating mga ninuno. Makikita ito sa mga kasangkapang gamit nila na yari sa mga metal.

Iniaayon ng mga Pilipino ang kanilang pagpili ng tirahan sa kanilang lugar. May nakatira sa tabing ilog, dagat, yungib, at kabundukan. Naging kilala ang bahay-kubo bilang tirahan nila sa pagdaan ng panahon. Tinatawag na Fayu o Fale ang tirahan ng mga taga Cordillera. Samantalang sa Mindanao ay makikita ang pamamahay na may impluwensyang Islam na kung tawagin ay Torogan. Ang mga Badjao sa Sulu ay kapansin-pansin ang mga tirahan na may tiyakad na nakaangat sa katubugan sa baybaying-dagat.

## *Pagyamanin*

**Panuto:** Punan ang patlang ng angkop na salita o mga salita upang makumpleto ang pangungusap sa bawat bilang. Isulat ang iyong sagot sa kuwaderno.

1. Ang paniniwala na ang mga bagay sa kalikasan ay may espiritu ay ________.
2. Ang relihiyong namana ng mga ninuno sa sinaunang kabihasnan ng mga Arabo ay ang ________.
3. Sa paraan ng paglilibing, ang natuyong buto ng namatay ay huhukayin at ilalagay sa isang _______.
4. Ang tawag sa sariling paraan ng pagsulat ng mga ninuno ay _______.
5. Ang pagiging relihiyoso ng mga Pilipino na kilala sa buong mundo ay namana natin sa mga __________.

## *Isaisip*

**Panuto:** Pumili ng tamang sagot sa mga salitang nasa panaklong paramabuo ang kaisipan ng talata. Isulat ito sa papel.

1. Ang (**kabihasnan, kontribusyon)** o pamayanan kung saan ang mga tao ay may mataas na kaalaman sa mga bagay-bagay katulad ng agham, matematika at iba pa ang siyang sukatan sa pagkilala kung gaano kayaman ang nakaraan.
2. May paniniwala sila na may espiritu ang kalikasan at mga pamahiin na tinatawag na **(animismo, kristiyanismo)**.
3. Ang Relihiyong Islam ay nagsimulang lumaganap sa bansa nang **(nakipagkalakalan, nakipaglaban)** ang mga sinaunang Pilipino sa mga Arabo.
4. Ang (**alibata, baybayin)** ay ang alpabeto ng mga sinaunang Pilipino. Binubuo ito ng 17 titik na may tatlong patinig at 14 na katinig.
5. Naging kilala ang (**bungalow, bahay-kubo)** bilang tirahan ng mga sinaunang Pilipino noong Panahong Pre-Kolonyal.

## *Isagawa*

**Panuto:** Isulat sa iyong inihandang papel ang salitang **<u>OO</u>** kung ang mga sumusunod ay nagpapakita ng pagpapahalaga sa kontribusyon ng sinaunang kabihasnang Asyano at **<u>HINDI</u>** kung ito ay hindi.

1. Paggamit ng sariling wika
2. Pagsuot ng mga katutubong kasuotan
3. Paniniwala sa Manlilikha
4. Paggamit ng mga instrumentong pangmusika
5. Pagbigay-galang sa mga yumao

## *Tayahin*

**Gawain A.**
**Panuto:** Kumuha ng isang kalahating papel at sagutin ang mga tanong na nasa ibaba. Titik lamang ang isulat.

1. Paano nakatulong sa pagbuo ng ating lipunan ngayon ang mga sinaunang Pilipino?

   A. Sa pamamagitan ng pananakop.
   B. Sa pamamagitan ng pangagaya sa mga dayuhan.
   C. Sa pamamagitan ng sobrang paggamit ng kalikasan.
   D. Sa pamamagitan ng kanilang kultura, kagawian, paniniwala, at wika.

2. Paano mo tratratuhin ang mga taong nagtataglay ng paniniwalang Animismo, Islam, at ibat-ibang paniniwala?

   A. Igagalang ko ang tao pero hindi ang kanilang paniniwala.
   B. Igagalang ko ang kanilang paniniwala pero hindi ako lalapit sa kanila.
   C. Igagalang ko ang kanilang paniniwala at makipagkaibigan ako sa kanila.
   D. Hindi ako makikipagkaibigan sa kanila baka kombinsihin nila ako na umanib sa kanila.

3. Alin sa mga sumusunod ang halimbawa ng isang pamahiin?

   A. Uminom ng tubig pagkatapos kumain
   B. Kapag makapal ang ulap, maaaring umulan.
   C. Ang maagang pagtulog sa gabi ay nagdudulot ng malulusog na pangangakatawan.
   D. Ang isang bisita na nanatili sa labas ng bahay o sa may hagdanan ng tahanan na may isang buntis ay maaaring magdulot ito ng paghihirap sa panganganak.

4. Ito ay naabot ng isang pamayanan kung saan ang mga tao ay may mataas na kaalaman sa mga bagay-bagay katulad ng Agham, Matematika, Sining, Panitikan, at iba pa.

   A. Awit at Sayaw
   B. Kabihasnan
   C. Pamahiin
   D. Relihiyon at ibat-ibang mga paniniwala

5. Paano ka makatutulong sa patuloy na pagsasalin sa ating kultura sa mga susunod na mga henerasyon?

   A. Mamuhay na isang tunay na Pilipino sa isip, sa salita, at sa gawa
   B. Gagayahin ang mga paraan ng pamumuhay ng mga dayuhan
   C. Nababaduyan sa mga musika ng mga Pilipino at tinatangkilik ang mga musika ng mga dayuhan
   D. Lahat ng nabanggit

**Gawain B.**

**Panuto:** Basahin ang sumusunod na mga pangungusap. Isulat ang **S** kung Sang-ayon, kung ito ay nagbibigay-halaga sa mga kontribusyon ng sinaunang kabihasnan sa pagbuo ng lipunang Pilipino, at **HS** kung Hindi Sang-ayon. Ito ay isulat sa ikaapat na bahagi ng papel.

1. Ako ay naliligayahan kapag nakikita ko ang aking ina na nakasuot ng baro't saya.

2. Ang kultura, kagawian, paniniwala, at wika ng mga sinaunang Pilipino ay marapat na pahalagahan dahil ito ay nakatulong sa pagbuo ng ating lipunan ngayon.


3. Hindi na dapat pag-aralan ang *Baybayin* dahil nasanay na tayo sa paraan ng ating pagsulat ngayon.

4. Kinagigiliwan kong panoorin ang mga palabas sa telebisyon na nagkukuwento tungkol sa sinaunang pamumuhay ng mga Pilipino.

5. Ang pakikipagkaibigan sa mga taong nagtataglay ng Paniniwalang Animismo, Islam, at iba pang paniniwala na iba sa akin ay nakapagdudulot ng kalituhan kaya marapat na hindi sila pansinin.

## *Karagdagang Gawain*

**Panuto:** Ang larawang nasa ibaba ay ang sistema ng pagsulat ng mga sinaunang Pilipino na tinatawag na *Baybayin*. Ito ay iyong gabay para sumulat ng mga salita gamit ang Baybayin.





"**It's Baybayin Time**". Kaya mo bang magbasa ng Baybayin? Tukuyin ang mga Baybayin karakter na nasa baba. Isulat ang iyong sagot sa isang malinis na papel. Huwag kang mag-aalala may Gabay sa Pagwawasto para sa tamang pagbasa kaya puwede mong itama ang iyong pagbasa. Sige umpisahan mo na ang pagbasa.

1.




______________________________

2.




______________________________

3.



______________________________

4.



______________________________

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

| | |
|---|---|
| 1. A | 6. B |
| 2. D | 7. A |
| 3. C | 8. D |
| 4. C | 9. D |
| 5. B | 10. A |

**Balikan**

1. K
2. K
3. HK
4. K
5. HK

**Tuklasin**

Posibleng sagot:

Ang ating mga ninuno ay mataas ang pagpapahalaga nila sa mga yumao. Bago pa ilibing ang patay, ito ay nililinis muna at damitan ng magagandang damit. Sa kanyang libingan, babaunan ang patay ng mga ibat-ibang kagamitang magagamit daw nito sa kabilang buhay. Matapos matuyo ang mga buto ng bangkay ay hinuhukay ito at inilalagay sa isang banga.

**Pagyamanin**

1. ANIMISMO
2. ISLAM
3. BANGA
4. BAYBAYIN
5. NINUNO

**Isaisip**

1. kabihasnan
2. animismo
3. nakipagkalakalan
4. baybayin
5. bahay-kubo

**Isagawa**

1. OO
2. OO
3. OO
4. OO
5. OO

**Tayahin**

| **Gawain A** | **Gawain B** |
|---|---|
| 1. A | 1. S |
| 2. A | 2. S |
| 3. B | 3. HS |
| 4. B | 4. S |
| 5. D | 5. HS |

**Karagdagang Gawain**

1. TAO
2. BABAE
3. LALAKI
4. SIMBAHAN

# *Sanggunian*


Gabuat, M. Mercado M. Jose M. Araling Panlipunan Pilipinas Bilang Isang Bansa.Quezon City, Philippines: Vibal Group, Inc.2016

"Alibata Characters (With Images) | Baybayin, Filipino Words, Filipino Tattoos". 2020. *Pinterest*. Accessed June 11. https://www.pinterest.ph/pin/511862313869036611/?nic_v1=1azXJLulBF0RJDRoWIm%2FPOAgCC0sp%2FTlGkyYBgOc2YajGIM6OQnmPkjd972VlObpmL.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph